Sama-samang pag-aralan ang Bagong Tipan sa taong ito!

# Isang Paglalakbay para Matutuhan ang Tungkol kay Jesucristo



Sa taong ito sa Primary isang napakagandang paglalakbay ang gagawin ninyo sa pagsunod sa mga yapak ni Jesus at pag-aaral tungkol sa Kanyang buhay mula sa mga pahina ng Bagong Tipan. Pag-aaralan din ng inyong mga magulang ang mga talatang ito sa banal na kasulatan sa kanilang mga klase.

Narito ang ilang aktibidad na tutulong sa inyo at sa inyong pamilya para sama-sama ninyong matutuhan ang tungkol sa Bagong Tipan.

## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Bakit mahalaga at kapana-panabik na pag-aralan ang Bagong Tipan? Paano tayo mas mapapatatag ng pag-aaral pa ng tungkol sa Tagapagligtas? Tiyaking mabigyan ng pagkakataon ang bawat tao na makapagbahagi. Pagkatapos ay maaari ninyong kantahin ang "The Books of the New Testament" (*Children's Songbook,* 116). Maaari din kayong gumawa ng mga kard at isulat ninyo ang mga pangalan ng mga aklat at pagsunud-sunurin ang mga ito.

## AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Ang mga K'wento kay Jesus," (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 36)
- Mateo 11:29

## TIPS PARA SA MGA BANAL NA KASULATAN

Ang pagmamarka ng inyong mga banal na kasulatan ay makakatulong sa inyo na mahanap ang inyong mga paboritong talata kalaunan!

Maaari kayong gumamit ng lapis, pen, o colored pencil.

Salungguhitan ang mga talata kung saan nagsalita si Jesus—o kaya ay bilugan ang mga numero ng talata.

PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

*Makakaorder ang inyong mga magulang ng kopya ng Bagong Tipan para sa inyo sa wikang Ingles o Espanyol sa halagang $2.50 sa store.lds.org.*



ALAMIN ANG IBA PA
Nagpunta rito sina Maria at Jose para magpatala sa gobyerno.

ALAMIN ANG IBA PA
Nainggit si Haring Herodes kay Jesus, kaya dinala rito nina Jose at Maria si Jesus para makaligtas.

ALAMIN ANG IBA PA
Mateo 2:23

ALAMIN ANG IBA PA
Pagkasilang ni Jesus, nagpunta rito ang mga pastol at mga Pantas na Lalaki para sambahin Siya.

ALAMIN ANG IBA PA
Mateo 2:14

ALAMIN ANG IBA PA
Dinala rito nina Jose at Maria si Jesus noong Siya ay sanggol pa lang, at muli noong Siya ay edad 12. Nagpaiwan Siya at nagturo sa kalalakihan sa templo.

ALAMIN ANG IBA PA
Mateo 2:1

ALAMIN ANG IBA PA
Dito nakatira si Maria nang magpakita ang anghel na si Gabriel para sabihin sa kanya na si Jesus ay isisilang.

ALAMIN ANG IBA PA
Ang templong itinayo ni Herodes ay nasa malaking lungsod na ito na napaliligiran ng mga pader.


ALAMIN ANG IBA PA
Ang bansang ito ay malapit sa Israel.

ALAMIN ANG IBA PA
Noong maliit pa si Jesus, nanirahan Siya rito kasama sina Maria at Jose.

ALAMIN ANG IBA PA
Lucas 2:42–49

## LUGAR NA PINUNTAHAN NI JESUS

Magpalitan sa pagpili ng isa sa mga kard na "Alamin ang Iba Pa." Basahin ang katotohanan o hanapin at basahin ang talata sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay itugma ang kard sa isang lokasyon sa mapa.




MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER